Palabas na **balita**

# Naabot na ang bagong kasunduan sa legal na tulong

Setyembre 04, 2024 Mga katanungan sa media

Ang Pamahalaan ng Alberta, ang Legal Aid ng Alberta at ang Law Society ng Alberta ay nakakumpleto ng isang bagong pangmatagalang kasunduan sa pamamahala.



*kaliwa patungo pakanan: Ryan Callioux, KC, pangulo ng lupon, Legal Aid ng Alberta Mickey Amery, Ministro ng Hustisya at Abogado Heneral Deanna Steblyk, KC, presidente, Law Society ng Alberta.*

Sa pamamagitan ng isang nagutulungang proseso, nilagdaan ng pamhalaan ng Alberta, Legal Aid ng Alberta at ng Law Society ng Alberta ang isang bagong limang taong kasunduan sa pamamahala, na kumakatawan sa isang nakabahaging pag-uunawa sa kahalagahan ng isang mataas na kalidad, independyente at napapanatiling programa ng legal na tulong.

Ang bagong kasunduan sa pamamahala ay magiging epektibo sa Setyembre 6, 2024, at magpapatuloy hanggang Setyembre 5, 2029. Sa pamamagitan ng paglagda sa kasunduang ito, ang lahat ng kasangkot ay nakatuon sa pagtitiyak na ang sistemang legal na tulong ng Alberta ay nananatiling matatag at patuloy na natutugunan ang mga pangangailangan ng mga nangangailangan ng legal na tulong. Ang bagong kasunduan ay nagbibigay-diin sa pangako ng pamahalaan ng Alberta sa pagtitiyak na magkaroonng hustisya para sa mga Albertan, na kinikilala na ang legal na tulong ay isang mahalagang serbisyo para sa maraming mga Albertan na nahaharap sa mga pampinansyal na hadlang sa pagkuha ng mga legal na suporta.

“Ang pagbibigay ng mga serbisyo sa legal na tulong sa Alberta ay isang ibinahaging pangako, at isa na lubos na sineseryoso ng lahat ng mga grupong kasangkot. Ang aming layunin ay tiyakin ang pagpapanatili at pananagutan sa pananalapi ng legal na tulong para sa lahat ng mga Albertan ngayon at sa hinaharap, at ang bagong kasunduang ito ay naglalagay sa atin sa tamang landas."

*Mickey Amery, Ministro ng Hustisya at Abogado Heneral*

Ang kasunduang ito ay isang mahalagang hakbang sa pagtitiyak na makakakuha ng hustisya sa Alberta, lalo na para sa mga mahihirap sa ating lipunan. Ang pamahalaan ng Alberta ay patuloy na makikipagtulungan at sasangguni sa Legal Aid ng Alberta, ang Law Society ng Alberta, at iba pang mga mahahalagang miyembro ng sistema ng hustisya upang matiyak na ang mga desisyon tungkol sa hinaharap na direksyon ng mga serbisyo sa legal na tulong sa lalawigan ay hinihimok at ginagabayan ng mga legal na pangangailangan ng mga mahihinang mga Albertan. Ang pamahalaan ng Alberta ay nananatiling nakatuon sa pagpapatuloy ng mga serbisyo ng legal na tulong, pagpopondo at pakikipagtulungan sa aming mga kasosyo.

## Mabilis na mga katotohanan

### 2024–2029 Mga Pangunahing Tampok ng Kasunduan sa Pamamahala:

- Pagkakaroon ng patuloy na konsultasyon sa pagitan ng Pamahalaan ng Alberta, Legal Aid ng Alberta, Law Society ng Alberta at mga kasosyo sa sistema ng hustisya na gagabay sa hinaharap na direksyon ng mga serbisyo at pagpopondo ng legal na tulong.
- Pinahusay na pakikipagtulungan at pagtitiyak na ang legal na tulong sa Alberta ay episyente, tumutugon sa mga pangangailangan ng mga Albertan, napapanatiling pinondohan at may pananagutan sa pananalapi.
- Ang 2024–25 na gawad ng Legal Aid ng Alberta ay naka-badyet ng $110 milyon.?
- Ang Pamahalaan ng Alberta, ang Alberta Law Foundation at ang pederal na pamahalaan ay nagpopondo ng legal na tulong.??

## Mga nauugnay na balita

- Ang Kasunduan sa Pamamahala Tungkol sa Legal na Tulong ay Pinahaba, Ang mga Pag-aayos ay Ipagpapatuloy (Hulyo 5, 2024)
- Legal na Tulong sa Alberta: Ministro Amery (Hulyo 3, 2024)
- Paggawa ng legal na tulong na mas madaling makuha ng mga Albertan (Pebrero 14, 2024 )
- Pagdaragdag ng pagkuha ng hustisya para sa lahat ng mga Albertan (Marso 17, 2023)
- Pagtaas ng taripa para sa mga abogado ng legal na tulong (Disyembre 21, 2022)
- Paggawa ng makabago ang legal na tulong (Oktubre 5, 2022)

## Mga katanungan sa media


### Chinenye Anokwuru

780-720-1915
Nakatataas na Kalihim ng Press, Hustisya